Muhammad (SAW)

Sa pagdaan ng panahon, nakikita ng mga muslim ang kwento ng pagkapropeta na ito'y paghahayag ng walang hanggang katotohanan at patunay sa banal na pangako, ang awa. Inilalarawan ng Qur'an na ang Propeta Muhammad(SAW) ay naipadala bilang awa sa sanlibutan. Nababagay lamang sa isang taong napili ng Diyos na maghayag ng kanyang huling pormal na mensahe sa syang lubos-lubos na maawain. Minsang tinanong sya kung nais nya bang isumpa ang mga hindi naniniwala sa kanya, kanyang sagot ay: "hindi ako ipinadala para sumumpa, kundi ako'y pinadala bilang tagapaganyaya tungo sa panginoon at bilang awa."

Noong nabigyan sya ng pagkakataon para mamili kung gusto nya ba ang kapahamakan sa mga nanakit sa kanya at nanlait sa kanyang mensahe, ang kanyang sagot ay:

"Hindi ko nais ang kanilang kapahamakan. Ngunit ako pa rin ay umaasa na gawin ng Allah ang ilan sa kanilang mga anak na maging mga sumasamba sa Allah, at walang alin mang pagtatambal na ginagawa". Ang kanyang layunin ay iisa, tulad ng layunin ng mga Propetang nauna sa kanya: ang magdala ng mensaheng ipinagutos ng Allah, parehong mensahe ng tawheed na naipadala kay Adan, Noah, Abraham, Isaac, David at ganun din sa iba. Ang kanyang mga katangian ay galing sa banal na awa. Ang bawat gawain at salita nya bilang Mensahero ng Pinakamaawaain sa lahat ay gawa sa mga katangian ng Allah.